



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-6 ng Abril, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

MGA RESULTA NG ELEKSYON NG DISTRITO NG IKA-79 NA ASEMBLEYA – KAILAN AASAHAN ANG MGA ITO

Sa gabi ng eleksyon, nais nating lahat malaman kaagad ang mga resulta, ngunit ang pagbibilang ng mga balota ay nangangailangan ng panahon, kahit para sa isang espesyal na eleksyon katulad ng Primaryang Eleksyon ng Distrito ng Ika-79 na Asembleya.

Sa gayon, ano ang maaari ninyong asahan sa gabi ng eleksyon?

Ang unang set ng mga resulta ay pumapasok kaagad pagkatapos ng ika-8 ng gabi. Kabilang dito ang mga balota na ipinakoreo, ibinalik sa mga mail ballot drop-off location, o binotohan sa panahon ng maagang pagboto sa opisina ng Tagapagrehistro bago ang Araw ng Eleksyon.

Ang mga presintong balota ng Araw ng Eleksyon ay dumadating pagkatapos magsara ang mga botohan ng ika-8 ng gabi at dapat imaneho pabalik mula sa 51 mga lugar ng botohan sa buong Distrito ng Ika-79 na Asembleya.

Kapag dumating na, ang mga balota ay inii-scan at ang mga resulta ay pana-panahon na ia-update buong gabi hanggang sa lahat ng mga presintong balota ay nabilang na. Para sa pinakabagong mga resulta sa gabi ng eleksyon, maaari ninyong i-follow ang opisina ng Tagapagrehistro sa [Twitter](#).

Ang final na hindi opisyal na mga resulta ng gabi ng eleksyon ay maaaring hindi pumasok hanggang hatinggabi at sakop lamang ang mga balota na maaaring mabilang kaagad.

Narito ang matitira pa para bilangin.

Mga balotang pangkoreo. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay ipinakoreo ang higit 300,000 mga balota para sa eleksyong ito at ang isang bahagi ng mga iyon ay maaaring i-drop off sa mga botohan o kunin ng U.S. Postal Service sa Araw ng Eleksyon. Dagdag dito, ang mga balotang pangkoreo na ipinadala bago o sa Ika-6 ng Abril ay mayroong 3 araw para dumating kung mayroong postmark sa o bago ang Araw ng Eleksyon.



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-6 ng Abril, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Pagkatapos mayroong mga probisyonal na balota. Ang mga taong hindi nakaabot sa Ika-22 ng Marso na deadline ng rehistrasyon ay maaaring magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal hanggang sa at sa Araw ng Eleksyon.

Para sa bawat probisyonal na balota, dapat siguraduhin ng mga election worker na ang botante ay hindi pa bumoto ng isang balota.

Gayunpaman, ang mga resulta ay dapat masertipika sa Ika-15 ng Abril, at inaasahan ng Tagapagrehistro na gamitin ang bawat minuto ng panahon ng sertipikasyon upang siguraduhin na ang mga resulta ay wasto.

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTY**NEWS**CENTER



COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE

[1600 Pacific Highway, Room 208 · San Diego, Ca 92101-2472](https://www.sdcoc.org/1600-Pacific-Highway-Room-208-San-Diego-Ca-92101-2472)